3 January 2025

**DIVISION MEMORANDUM**
No. 001, s. 2025

**SEQUENCE IN CONDUCTING FLAG RAISING CEREMONY IN THE SCHOOLS DIVISION OF BATANES**

To: Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisors
Education Program Supervisors
All Elementary and Secondary School Heads
All others concerned

1. In reference to Republic Act No. 8491 (Flag and Heroic Code of the Philippines), CSC Memorandum Circular No. 19 s, 2012 (Observance of Flag Ceremonies) and DepEd Order 50 s,2015 (Observance/Conduct of Flag Raising and Lowering Ceremonies and Proper Sequence in Official DepEd Program Involving the Singing of the Philippine National Anthem), this Memorandum is issued to provide guidance on the sequence in conducting Flag Ceremony in SDO Batanes every Monday morning or the following day in case Monday is declared holiday.

2. To ensure smoothness, uniformity and respect during the proceedings, the sequence is as follows:

| | |
|---|---|
| Every **First** Monday of the month or every First Flag Raising Day of the month | *a. Singing of Lupang Hinirang*<br>*b. Interfaith Prayer*<br>*c. Recitation of Panunumpa ng Katapatan sa Watawat ng Pilipinas*<br>*d. Recitation of Panunumpa ng Lingkod Bayan (personnel only) (see enclosure 1)*<br>*e. Singing of the Batanes Hymn*<br>*d. DepEd Mission, Vision and Core Values*<br>*e. DepEd Quality Policy Statement*<br>*f. Recitation of the Bagong Pilipinas Pledge (see enclosure 2)*<br>*g. Singing of the Bagong Pilipinas Hymn (see enclosure 3)* |
| **Succeeding** Mondays or Flag Raising Day of the month | *a. Singing of Lupang Hinirang*<br>*b. Interfaith Prayer*<br>*c. Recitation of Panunumpa ng Katapatan sa Watawat ng Pilipinas*<br>*d. Recitation of Panunumpa ng Lingkod Bayan (personnel only)*<br>*e. Singing of the Batanes Hymn* |

3. Moreover, Schools Division Office of Batanes is hereby reminded on the prescribed dress codes pursuant to the Civil Service Commission (CSC) Memorandum Circular (MC) No. 16 series 2024 (Revised Dress Code for

Government Officials and Employees Pursuant to CSC Resolution No. 2400766 promulgated on 29 August 2024).

4. Immediate dissemination and compliance of this Memorandum is desired.

Digitally signed by Gumaru Alfredo Jr Binag
Date: 2025.01.04 12:25:33 +08'00'

**ALFREDO B. GUMARU, JR. EdD, CESO V**
Schools Division Superintendent

Encl: As stated
References:

To be indicated in the Perpetual Index
Under the following subjects:
Flag
Programs
Policy

DepEd SDO - Batanes
JAN 06 2025
RELEASED
BY: ______ TIME: 9:30

# PANUNUMPA NG LINGKOD-BAYAN

Ako ay isang lingkod bayan.

Pangangalagaan ko ang tiwalang ipinagkaloob ng mamamayan.

Maglilingkod ako nang may malasakit, katapatan, at kahusayan na walang kinikilingan.

Magiging mabuting halimbawa ako, at magbibigay ng pag-asa at inspirasyon sa aking kapwa lingkod bayan.

Lilinangin ko ang aking sariling kakayahan upang sa lahat ng panahon ay mapaglingkuran ko nang buong kahusayan ang sambayanan.

Hindi ako makikibahagi sa mga katiwalian sa pamahalaan.

Pipigilan at isisiwalat ko ito sa pamamagitan ng tama at angkop na pamamaraan.

Isasabuhay ko ang isang lingkod bayang maka-Diyos, maka-tao, makakalikasan at makabansa.

Tutugon ako sa mga hamon ng makabagong panahon tungo sa adhikain ng matatag, maginhawa, at panatag na buhay.

Sa mga tungkulin at hangaring ito, kasihan nawa ako ng Maykapal.

# PANATA SA BAGONG PILIPINAS

Bilang Pilipino, buong pagmamalaki kong
isasabuhay ang Bagong Pilipinas,

Buhay sa aking dugo ang lahing dakila,
magiting at may dangal

Palaging dadalhin sa puso, isip at diwa ang
aking pagmamabal sa kultura at bayang sinilangan;

Kaisa ng bawat mamamayan, iaalay ko ang aking talino
at kasanayan sa pagpapaunlad ng aking Bayan;

Taglay ang galing na naaayon sa mga
pandaigdigang pamantayan;

Magiging instrument ako sa pagsulong ng kagalingan,
karunungan at kapayapaan.

Makikiisa at makikilahok ako sa mga adhikain
ng pamahalaan dahil ang kaunlaran ay
hindi lamang responsibilidad ng iilan.

Isusulong at pangangalagaan ko ang karangalan,
kalayaan at interes ng aking bayang minamahal;

Bilang Pilipino na may pagmamahal, pakialam at malasakit;
hindi makasarili kundi para sa mas nakararami;
tatahakin ko ang landas tungo sa isang
Bagong Pilipinas!

Address: Basco, Batanes, 3900
Contact No.: 09687467949, 09539704860
Email Address: batanes@deped.gov.ph
Facebook: facebook.com/deped.batanes
Website: https://depedbatanes.ph

# BAGONG PILIPINAS HYMN

## "PANAHON NA NG PAGBABAGO"

Panahon na ng pagbabago
Dahil sa ito ay kinakailangan
Tayo na magtulong-tulong
Na paunlarin ang mahal nating bayan
Panahon na ng pagbabago
Dahil sa ito ay kinakailangan
Tayo na magtulong-tulong
Na paunlarin ang mahal nating bayan
Panahon na ng pagbabago
At iayos ang mga dapat ayusin
Dapat lang maging tungkulin
Ng bawat mamamayan dito sa atin
Gawin ang pagbabago
Patungo sa pag-asenso
Magsikap na mabuti
At nang guminhawa tayo
Ipagmalaki natin sa mundo at ipamalas
Ang Bagong Pilipino at Bagong Pilipinas
Panahon na ng pagbabago
Tangkilikin natin ang sariling atin
At tama lang na ugaliin
Kaysa sa iba sa atin ang unahin
Panahon na ng pagbabago
At manguna sa kahit anong larangan
Ang tagumpay ay karangalan
Ialay o ihandog natin sa bayan
Ilang ulit nang napatunayan ng Pilipino
Ang husay at lakas, kagandahan at talento
Handang makipag paligsahan
Kahit anong oras
Ang bagong Pilipino, ang Bagong Pilipinas
Panahon na ng pagbabago
Buhay natin ay gawing maaliwalas
Marami ang magandang bukas
Ang ibubunga ng Bagong Pilipinas
Gawin ang pagbabago
Patungo sa pag-asenso
Magsikap na mabuti
At nang guminhawa tayo
Ipagmalaki natin sa mundo at ipamalas
Ang bagong Pilipino at Bagong Pilipinas.

PANAHON NA!